わが家の危機管理マニュアル

地震が起きたらどうするの？

Kung magkaroon ng lindol, ano ang gagawin?

~Saan lilikas?~

~mga evacuation center, kapag may sakuna (mga lokal na baseng pang-sakuna) ~

震災時避難場所

Kapag may sakuna, ang takbuhang-lugar = gumuho ang bahay, ang mga di makakabalik sa kanilang tahanan ay mananatili sa evacuation center (tinatawag na lokal na baseng pang-sakuna) = Mga Mababang Pampublikong Paalaran ng Yokohama na may bilang na 455.

Sa Pagtutulong-tulungan ng barangay, pangangasiwaan ang evacuation center.

Kapag nagkaroon ng lindol, makipagtulungan upang ang paglikas sa evacuation center ay di maaantala; ang mga lugar-takbuhan ay pamumunuuan ng mga itinakdang tagapangasiwa.

Ang mga tagapangasiwa ay binubuo ng mga lokal na mamamayan, mga guro, at mga lokal na pinuno.



生活・安否確認情報

Dito, makakakuha ng impormasyon, makakabalita ng tungkol sa pamilya at kaibigan, at kung ano ang nangyari sa kanila.

炊飯器・ガスかまど

Dito may imbakan ng pagkain

Sa Lungsod ng Yokohama, sa mga imbakan ng pagkain sa evacuation center, ay mayroong nakahandang: tinapay, tubig na de-lata, mga iba' t-ibang makakain, toilet paper at mga iba pang gamit pang araw-araw, kubeta, engine cutter, at sari-saring gamit na pang rescue.

Katulad ng sumusunod na pamamaraan, ang tubig ay pangangalagaan

●Ang tubo ng tubig na nakabaon sa lupa na gamit-pangsakuna … ang reserba ng tubig na nakabaon sa lupa ay matatag.

●Tubig-pang-emergency (hydrant) . . . gamit para sa lindol, malakas na tubig ang dadaloy

●Bahay na may balon na magagamit pag may sakuna . . . balon ng tubig na maaaring magamit; makikipag-ugnayan sa may-ari upang magamit

Kapag kayo ay sugatan, sa 145 na eskuwelahan, magbibigay ng first aid. May grupo ng mga lokal na manggagamot na nabuo at nakatalaga. Dito ang mga gamit pang first aid ay nakaimbak.